




| MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 2 |
|---|---|---|---|---|
| | Guro: | | Asignatura: | **MAKABANSA** |
| | Petsa: | | Markahan/Linggo: | Q1-WEEK 5 |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW | KALIMANG NA ARAW |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Nauunawaan ang katangiang heograpikal ng kinabibilangang komunidad | | | | |
| **B. Pamantayang Pagganap** | Nakagagawa ng likhang-sining (mapa) na nagpapakita ng katangiang heograpikal ng kinabibilangang komunidad | | | | |
| **C. Mga Kasanayang Pampagkatuto** | Nakikilala ang mga bumubuo sa kinabibilangang komunidad | | | | |
| **D. Mga Layunin** | Natutukoy ang mga taong naninirahan sa kinabibilangang komunidad<br>. | Nailalarawan ang mga taong naninirahan sa kinabibilangang komunidad | Nailalahad ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga taong naninirahan sa kinabibilangang komunidad | Natatalakay ang gampanin ng mga taong naninirahan sa kinabibilangang komunidad | CATCH-UP FRIDAY |
| **II.NILALAMAN/PAKSA** | TAONG NAGBIBIGAY SERBISYO SA KOMUNIDAD | PAGLALARAWAN NG MGA TAONG NANINIRAHAN SA KINABIBILANGANG KOMUNIDAD | PAGKAKATULAD AT PAGKAKAIBA NG MGA TAONG NANINIRAHAN SA KINABIBILANGANG KOMUNIDAD | MGA GAMPANIN NG MGA TAONG NANINIRAHAN SA KINABIBILANGANG KOMUNIDAD | |
| **III. Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)** | | | | | |
| **IV.. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | | |
| A. Mga Sanggunian | Modyul sa AP, LR Portal | Modyul sa AP, LR Portal | Modyul sa AP, LR Portal | Modyul sa AP, LR Portal | |
| B. Iba pang Kagamitan | LAS, Larawan ng mga miyembro ng komunidad, graphic organizer, picture puzzle | LAS, Larawan ng mga miyembro ng komunidad, sumbrero, tools na karaniwang | LAS, Larawan ng mga miyembro ng komunidad, VENN Diagram | LAS, Flashcards, Larawan ng mga miyembro ng komunidad | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | ginagamit ng miyembro ng komunidad, | | | |
| **V. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | | |
| **Panimulang Gawain** | **Balik-aral: MAPA-SIMBOLO**<br>Piliin sa Hanay B and kahulugan ng mga simbolo ng mapa sa Hanay A.<br><br>**Hanay A**<br>1. <br>2. <br>3. <br>4. <br>5. <br><br>**Hanay B**<br>a. ilog<br>b. bulkan | **Balik-aral: HAT AND TOOL CHARADE.**<br>Isa-isang tatawagin ang mga mag-aaral upang isuot ang sumbrero o ipakita ang kagamitan na karaniwang ginagamit ng mga miyembro ng komunidad na tinalakay noong isang araw.<br><br>Pagkatapos magsuot ng sumbrero o ipakita ang kagamitang dala, kikilalanin ng mga magaaral kung ano ang kagamitan at sino ang miyembro ng komunidad na pang-karaniwang gumagamit nito.<br><br>**Tala sa Guro:** *Maaari ring maghanda ang guro ng sumbrero o kagamitan na ipapakita sa klase.* | **Balik-aral: PICTURE SPEAKS**<br>Gamit ang larawan ng mga miyembro ng komunidad, ilarawan ang katangian ng bawat isa.<br><br>  <br> <br><br><br>**Tala sa Guro:**<br>*Ang larawang ipakikita ay base sa konteksto ng komunidad na kinabibilangan ng mga mag-aaral.*<br><br>*Maaaring magdagdag ng larawan ng mga* | **Balik-aral: COMPARE AND CONTRAST**<br>Ibigay ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga taong naninirahan sa inyong komunidad.<br><br>doktor at guro<br>mangingisda at magsasaka<br>bumbero at pulis | Reading Intervention and Reading Enhancement |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | c. talampas<br>d. Kabundukan<br>e. katubigan<br>f. kapatagan | | *pangkat-etnolinggwistiko at ilarawan batay sa kanilang etnisidad.* | | |
| **Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin** | **Layunin ng aralin:**<br><br>Natutukoy ang mga taong naninirahan sa kinabibilangang komunidad | **Layunin ng aralin:**<br><br>Nailalarawan ang mga taong naninirahan sa kinabibilangang komunidad. | **Layunin ng aralin:**<br><br>Nailalahad ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga taong naninirahan sa kinabibilangang komunidad. | **Layunin ng aralin:**<br><br>Natatalakay ang gampanin ng mga taong naninirahan sa kinabibilangang komunidad. | |
| **Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin** | **PICTURE PUZZLE**<br>**Panuto:** Pangkatin ang klase sa limang grupo. Ipakita sa mga mag-aaral ang mga piraso ng puzzle at hayaan silang buuin ito. Kapag natapos na, kanilang kikilalanin ang miyembro ng komunidad na nasa larawan.<br>1.  doktor<br>2.  pulis | **WORD MEANINGS 101**<br>**Panuto:** Ibigay ang kahulugan ng mga salitang naka-highlight sa bawat pangungusap. Isulat ang titik ng tamang sagot sa inyong sagutang papel.<br><br>1. Si Gng. Ana, ang **masipag** na guro, ay nagtuturo sa mga kabataan. Ano ang kahulugan ng salitang masipag?<br><br>a)Hindi nagtatrabaho.<br><br>b.)Palaging nagtatrabaho nang mabuti<br>c.)Nagpupuyat<br>d.)Naglalaro lamang<br><br>2. Si PO1 Ramon, ang **matapang** na pulis, ay nangangalaga sa kapayapaan ng bayan. | **COMPARE AND CONTRAST**<br>**Panuto:** Ipakikitang muli ng guro ang mga larawan ng iba't ibang miyembro ng komunidad. Talakayin ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng mga miyembro.<br><br>Ipakita rin ang mga flashcards na may mga sumusunod na susingsalita:<br>1. pagkakatulad,<br>2. pagkakaiba,<br>3. komunidad, at<br>4. tungkulin o gampanin<br>Itanong sa mga magaaral kung ano ang kanilang naiisip kapag naririnig nila ang mga salitang ito, at kung paano nila ito nauunawaan sa | **Panuto:** Basahin ang mga salitang nakasulat sa flashcard. Ibigay ang kahulugan gamit ang context clues.<br>1. himpilan ng pulisya<br>Ang **himpilan ng pulisya** ay laging bukas para sa mga nangangailangan ng tulong at proteksyon.<br><br>2. kaligtasan<br>Ang **kaligtasan** ng bawat mamamayan ay prayoridad ng pamahalaan.<br><br>3.namumuno<br>Ang hepe ng barangay ang **namumuno** sa mga proyekto para sa kaayusan ng komunidad<br><br>4.gumagabay<br>Ang mga guro ang **gumagabay** sa mga | |




| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 3.  guro<br>4 .  bumbero<br>5.  mangingisda<br>**Tala sa Guro:** *Ang larawang ipakikita ay base sa konteksto ng komunidad na kinabibilangan ng mga mag-aaral. Maaring ihatid ang konteksto ng larawan sa kanilang komunidad upang matulungan ang mga mag-aaral sa gawain.*<br><br>*Magbigay din ng maikling pagpapakilala tungkol sa aralin: taong nagbibigayserbisyo sa komunidad.* | Ano ang kahulugan ng salitang matapang?<br>a) Mahiyain<br>b.)Natatakot<br>c.)Hindi natatakot sa panganib<br>d.)Mapagmataas<br><br>3. Sa klinika, si Dr. Maria at Nars Lito ay **nagkakaisa** sa pag-aalaga sa kalusugan ng mga residente.<br>Ano ang kahulugan ng salitang nagkakaisa?<br>a) Nag-aaway<br>b) Magkasundo at nagtutulungan<br>c) Nagpapahinga<br>d) Naghihiwalay<br><br>4. Si Fireman Tony ay laging **handa** sa paglaban sa sunog. Ano ang kahulugan ng salitang handa?<br>a) Laging naka-prepara<br>b) Laging nagugutom<br>c) Laging natutulog<br>d) Laging naglalaro<br><br>5. Si Mang Pedro, ang mangingisda, ay **nagsusumikap** araw-araw upang | konteksto ng kanilang sariling komunidad na kinabibilangan. | estudyante upang magkaroon sila ng magandang kinabukasan<br><br>5.umaapula<br>Ang mga bumbero ay mabilis na **umaapula** ng apoy upang maiwasan ang malaking pinsala. | |



| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | magdala ng sariwang isda sa bawat hapag-kainan. Ano ang kahulugan ng salitang nagsusumikap?<br>a) Lagi lamang nagpapahinga<br>b) Gumagawa ng lahat ng makakaya.<br>c) Walang ginagawa kung hindi maglaro<br>d) Pagpapahinga ang laging inuuna | | | |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | | |
| **Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya** | **Panuto:** Basahin ang kuwentong **"Ang Araw sa Komunidad."**<br><br>Sa isang tahimik na komunidad, iba't ibang uri ng tao ang samasamang namumuhay. Nariyan si Aling Nena, ang mabait na tindera sa palengke. Si Mang Juan naman ang | **Panuto:** Basahin ang kuwentong **"Ang mga Taong Naninirahan sa Aming Komunidad."**<br><br>Sa isang maliit na bayan sa tabing-dagat, samasamang naninirahan ang iba't | Panuto: Balikan ang kuwentong **"Ang mga Taong Naninirahan sa Aming Komunidad."**<br>Pagkatapos basahin ang kuwento, itanong ang mga sumusunod.<br>1. Anong mga pagkakatulad at pagkakaiba ng mga miyembro ng komunidad ang nabanggit sa kwento?<br>2. Paano nakatutulong sa komunidad ang kanilang mga pagkakaiba? | **Panuto:** Ipakitang muli ang mga larawan ng mga taong naninirahan sa ating komunidad. Ipaliwanag ang mga gampanin nito sa ating lipunan.<br>1. **Pulis** – Sila ang nagpapatupad ng mga batas at humuhuli sa mga taong gumagawa ng masama. Sila rin ang nagpapanatili ng kaligtasan sa isang lugar.<br>Ang mga pulis ay madalas na nakikita sa himpilan ng pulisya<br>2. **Doktor** – Sila ang gumagamot sa mga | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | magsasakang nagdadala ng sariwang gulay tuwing umaga. Sa paaralan, makikita si Gng. Santos, ang guro na laging handang magturo sa mga bata. Si Doktor Reyes naman ang nagbibigaylunas sa may sakit, katuwang niya si Nars Maria na laging nariyan para alagaan ang mga pasyente. Si Pulis Ramirez naman ang nagbabantay ng kapayapaan at kaayusan sa komunidad. Si Kapitan del Rosario ang tumutulong sa pag-aayos ng mga problema sa barangay. Si Padre Antonio, ispiritwal na lider ng simbahan na nagbibigay ng gabay sa komunidad. Si Bumbero Cruz ang laging handa sa oras ng sakuna lalo na ang sunog. At siyempre, nariyan din si Mang Kardo, ang mangingisda, na nariyan upang may sariwang isdang makain ang mga tao.<br>Lahat ng mga tao sa komunidad ay may kaniya-kaniyang responsibilidad, | ibang tao na may kaniya-kaniyang papel na ginagampanan upang mapanatiling maayos at masaya ang kanilang komunidad. Si Gng. Ana, ang masipag na guro, ay nagtuturo sa mga kabataan, habang si PO1 Ramon, ang matapang na pulis, ay nangangalaga sa kapayapaan ng bayan. Sa klinika, si Dr. Maria at Nars Lito ay magkatuwang sa pag-aalaga sa kalusugan ng mga residente. Kahit na sila ay Bikolano at hindi taal na sa lugar na iyon lumaki, hindi sila nagdalawangisip na ibigay ang kanilang sarili para sa pagbibigay-<br><br>serbisyo sa iba. Samantala, si Kapitan Jose, kasama ang kaniyang mga kapwa lokal na opisyal ay masigasig sa pamumuno ng barangay. Si Father Gabriel, ang pari, at si Imam Salim ay magkasamang nagbibigay ng espiritwal na gabay sa mga tao, na nagdadala ng pagkakaisa sa iba't ibang pananampalataya. Hindi rin matatawaran ang ambag ng iba pang mga | 3. Paano naman nakatutulong sa komunidad ang kanilang mga pagkakatulad?<br><br>4. Bilang isang mag-aaral paano mo maipakikita ang pasasalamat at pagpapahalaga sa mga taong nagbibigayserbisyo sa komunidad. | may sakit at tinutulungan upang sila ay gumaling.<br>Ang mga doktor ay madalas nakikita sa mga klinika o ospital.<br>**3.Guro** – Sila ang gumagabay at nagtuturo sa mga mag-aaral upang matutong bumasa, sumulat, at magbilang. Ang mga guro ay madalas nakikita sa paaralan<br><br>4. **Nars** – Sila ang katuwang ng doktor upang gamutin ang mga taong may sakit. Sila rin ang naghahanda ng mga kailangan ng pasyente. Ang mga nars ay madalas ring nakikita sa klinika o ospital.<br>5. **Karpintero** – Sila ang gumagawa at nag-aayos ng mga kabahayan, upuan, lamesa, at kabinet.<br><br>6. **Bumbero** – Sila ang umaapula ng apoy at nagliligtas sa mga tao tuwing may sunog. Ang mga bumbero ay madalas nakikita sa fire station o himpilan ng bumbero.<br><br>7. **Tindero** – Sila ang nagtitinda ng mga gulay, prutas, karne, at | |


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | gampanin, at mahalagang papel sa lipunan. Nagkakaroon man sila ng mga problemang kinakaharap dahil sa kanilang pagkakaiba-iba, sila ay nagtutulungan pa rin upang mapanatiling nagkakaisa ang mga tao sa komunidad.<br>nagbabantay ng kapayapaan at kaayusan sa komunidad. Si Kapitan del Rosario ang tumutulong sa pag-aayos ng mga problema sa barangay. Si Padre Antonio, ispiritwal na lider ng simbahan na nagbibigay ng gabay sa komunidad. Si Bumbero Cruz ang laging handa sa oras ng sakuna lalo na ang sunog. At siyempre, nariyan din si Mang Kardo, ang mangingisda, na nariyan upang may sariwang isdang makain ang mga tao.<br><br>Lahat ng mga tao sa komunidad ay may kaniya-kaniyang responsibilidad, gampanin, at mahalagang papel sa lipunan. Nagkakaroon | bayani ng komunidad. Si Fireman Tony ay laging handa sa paglaban sa sunog, habang si Aling Nena, ang tindera, ay nagdadala ng sariwang gulay at prutas sa palengke. Si Mang Pedro, ang mangingisda, ay nagsusumikap araw-araw upang magdala ng sariwang isda sa bawat hapag-kainan, at si Mang Juan, ang magsasaka, ay nagtatanim ng mga gulay at prutas upang masiguro ang pagkain ng bawat pamilya. Sama-samang nagsusumikap ang bawat isa upang maging maayos at masaya ang kanilang komunidad, nagpapakita ng kahalagahan ng pagkakaisa at pagtutulungan sa bawat araw.<br><br>**Tala sa Guro:** *Maaring talakayin ng guro ang iba't ibang grupong etnolinggwistiko. Gawing halimbawa sina Dr. Maria at Nars Lito na mga Bikolano at si Imam Salim na isang Muslim. Magbigay-pokus sa mga sumusunod:* | | iba pang produkto. Ang tindero o tindera ay madalas nakikita sa tindahan o palengke.<br><br>8. **Mangingisda** – Sila ang naghuhuli ng mga isda at dinadala ito sa pamilihan.<br><br>9. **Magsasaka** – Sila ang nagtatanim at nag-aani ng mga palay, mais, gulay, at prutas upang ang mga mamamayan ay may makain.<br><br>10. **Dentista –** Sila ang nangangalaga at bumubunot ng mga sirang ngipin.<br><br>**Tala sa Guro:** *Maaaring ang ibang miyembro ng komunidad ay wala sa nabanggit sa talakayan. Maaaring idagdag ang mga halimbawa na nakabase sa konteksto ng komunidad na kinabibilangan ng mga mag-aaral.* | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | man sila ng mga problemang kinakaharap dahil sa kanilang pagkakaiba-iba, sila ay nagtutulungan pa rin upang mapanatiling nagkakaisa ang mga tao sa komunidad. | *a. lugar o rehiyon na kinabibilangan; b. lenggwahe;*<br>*c. pisikal na katangian; at*<br>*d. natatanging kultura*<br>*e. kahalagahan sa komunidad.*<br><br>*Ilan pa sa mga grupong ito ay ang Ilokano, Pangasinense, Kapampangan, Tagalog, at Bisaya.*<br><br>*Bigyang-diin din ang gampanin ng mga lokal na opisyales sa komunidad.* | | | |
| **Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya** | **KAYA KO 'TO!**<br>**Panuto:** Pagkatapos basahin ang kuwento, itanong sa mga mag-<br><br>aaral ang mga sumusunod:<br>1. Ano ang pamagat ng kuwentong iyong binasa?<br>2. Tungkol saan ang kuwentong iyong binasa?<br>3. Isa-isahin ang mga miyembro ng komunidad na binanggit sa kuwento.<br>4. Ibigay ang mga gampanin at responsibilidad ng bawat | **KAYA KO 'TO!**<br>**Panuto:** Pagkatapos basahin ang kuwento, itanong sa mga mag-aaral ang mga sumusunod.<br>1. Isa-isahin ang mga tauhan sa kuwento.<br>2. Ibigay ang mahalagang gampanin nila sa komunidad.<br>3. Paano mo ilalarawan ang ibang mga tauhan sa kuwento?<br>4. Bukod sa Bikolano at Islam, magbigay pa ng iba pang grupong etnolinggwistiko. | **Panuto:** Pangkatin ang klase sa apat (4) na grupo. Ipagawa sa mga mag-aaral ang isang<br><br>Venn Diagram na nagpapakita ng pagkakatulad at pagkakaiba ng mga tao sa komunidad.Gamiting gabay ang ibinigay na halimbawa | **Panuto:** Pagkatapos basahin ang mga gampanin ng iba't ibang ng ating komunidad,<br><br>itanong sa mga mag-aaral ang mga sumusunod na katanungan.<br>1. Isa-isahin ang mga miyembro ng komunidad na tinalakay.<br>2. Mayroon ka bang sariling karanasan tungkol sa mga taong nagbibigay ng serbisyo sa komunidad? Ilahad ang mga ito. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | isang miyembro ng komunidad na nabanggit sa kwento.<br>5. Bilang isang mag-aaral paano mo maipakikita ang pasasalamat at pagpapahalaga sa mga taong nagbibigay-serbisyo sa komunidad | 5. Sa mga nabanggit na grupong etnolinggwistiko, ilarawan sila base sa mga sumusunod:<br>a. lugar o rehiyon na kinabibilangan;<br>b. lenggwahe;<br>c. pisikal na katangian; at<br>d. natatanging kultura.<br>6. Ano ang kahalagahan nila sa bansa?<br><br>**Tala sa Guro:** *Nasa tala ng guro ang diskusyon tungkol sa kahalagahan ng grupong etnoliggwistiko.*<br><br>7. Ano ang mahalagang gampanin ng mga lokal na pinuno sa komunidad? |  <br>**1. Tagalog at Kapampangan**<br><br>**2. Tatay at Anak**<br> | 3. Bilang isang mag-aaral paano mo maipakikita ang pasasalamat at pagpapahalaga sa mga taong nagbibigay-serbisyo sa komunidad. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | **3. Pulis at bumbero**  **4. Opisyal ng barangay at guro**  | | |
| **Pagpapalalim ng Kaalaman** **at Kasanayan sa Mahahalagang** **Pag-unawa/Susing Ideya** | **CONCEPT MAPPING** **Panuto:** Pangkatin ang klase sa apat (4) na grupo. Ipagawa sa mga mag-aaral ang concept map na nagpapakita ng iba't ibang miyembro sa komunidad. Ilagay ang mga miyembro ng komunidad sa mga bakanteng bahagi ng concept map. | **DESCRIBE ME IN ONE WORD** **Panuto:** Ipakita sa mga mag-aaral ang mga larawan ng ibat-ibang taong naninirahan sa komunidad. Hayaan ang mga mag-aaral na ilarawan ang bawat isa.   **doktor** **bumbero** | **TALAKAYIN NATIN!** Pagtalakay sa VENN Diagram na ginawa ng mga mag-aaral. 1. Ano ang inyong napansin sa mga pagkakatulad at pagkakaiba ng mga tao sa komunidad? 2. Bakit mahalaga ang kanilang mga papel na ginagampanan sa komunidad? 3. Bilang isang mag-aaral paano mo maipakikita ang | **COMMUNITY HELPER DRESS UP** **Panuto:** Hayaan ang mga mag-aaral na sagutin ang mga sumusunod na katanungan: 1. Sino ang iyong napiling community helper para sa iyong dress-up? 2. Ano ang mga pangunahing tungkulin ng community helper na ito? | |

MgaMiyembro

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **Tala sa Guro:** *Maaaring ang mga gagamitin ng mag-aaral ay wala sa nabanggit na mga halimbawa sa halip ay naka-base sa konteksto ng komunidad na kanilang kinabibilangan* |  <br>**mangingisda guro**<br> <br>**pulis**<br>**nars**<br><br>**magsasaka**<br> <br>**tindero** **dentista**<br><br>**karpintero** | pasasalamat at pagpapahalaga sa mga taong nagbibigayserbisyo sa komunidad. | 3. Paano tayo natutulungan ng ganitong uri ng community helper sa araw-araw?<br><br>4. May kilala ka bang tunay na community helper na katulad ng iyong binihisan?<br><br>5.Bilang isang mag-aaral paano mo maipakikita ang pasasalamat at pagpapahalaga sa mga taong nagbibigay-serbisyo sa komunidad | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Paglalapat at Paglalahat** | Magkaroon ng isang maikling talakayan kung saan ilalahad ng mga mag-aaral ang kanilang natutunan tungkol sa iba't ibang tao sa komunidad. a. Pagsasama-sama ng natutunan: 1. Isa-isahin ang mga miyembro ng ating komunidad.<br><br>1. Sino-sino ang mga miyembrong naninirahan sa ating komunidad?<br><br>2. Ibigay ang iba pang miyembro sa inyong komunidad na hindi nabanggit sa ating talakayan.<br><br>3. Bilang isang mag aaral paano mo maipakikita ang pasasalamat at pagpapahalaga sa mga taong nagbibigay serbisyo sa komunidad. | a. Pagsasama-sama ng natutunan:<br><br>1. Isa-isahin ang mga miyembro ng ating komunidad.<br>2. Ibigay ang iba pang miyembro sa inyong komunidad na hindi nabanggit sa ating talakayan.<br>3. Ibigay ang gampanin ng mga miyembro ng komunidad.<br><br>4. Bilang isang mag-aaral paano mo maipakikita ang pasasalamat at pagpapahalaga sa mga taong nagbibigay-serbisyo sa komunidad. | a. Pagsasama-sama ng natutunan:<br><br>Magkaroon ng isang maikling talakayan kung saan ilalahad ng mga mag-aaral ang kanilang natutunan tungkol sa pagkakatulad at pagkakaiba ng mga tao sa komunidad.<br>1.Ano ang inyong natutunan tungkol sa mga pagkakatulad at pagkakaiba ng mga tao sa komunidad?<br><br>2.Paanonakakatulong ang kanilang mga pagkakaiba sa pagpapanatili ng kaayusan at kaunlaran ng komunidad?<br><br>3. Bilang isang mag-aaral paano mo maipakikita ang pasasalamat at pagpapahalaga sa mga taong nagbibigayserbisyo sa komunidad. | a. Pagsasama-sama ng natutunan:<br><br>Ano ang gampanin ng bawat miyembro ng ating komunidad?<br>1.guro<br>2.pulis<br>3.doctor<br>4.nars<br>5.dentista<br>6.karpintero<br>7.bumbero<br>8.tindero<br>9.mangingisda<br>10.magsasaka<br><br>2. Bilang isang mag-aaral paano mo maipakikita ang pasasalamat at pagpapahalaga sa mga taong nagbibigayserbisyo sa komunidad. | |
| **Pagtataya ng Natutuhan** | **Panuto:** Kilalanin ang tamang pangalan ng mga sumusunod na larawan. Isulat ang titik | **Panuto:** Basahin ang mga katangian na nakatala sa bawat miyembro ng komunidad. Lagyan ng | **Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa pagkakatulad at pagkakaiba ng mga | **Panuto:** Piliin ang gampanin ng mga sumusunod na miyembro ng ating komunidad. Isulat ang | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | ng tamang sagot sa inyong sagutang papel.<br><br>**Hanay A**<br><br><br><br><br><br> | tsek (/) ang katangiang tinataglay ng bawat miyembro. Maaaring magkaroon ng higit sa isang (1) kasagutan. Ipaliwanag din kung bakit ito ang katangian o mga katangiang dapat taglayin ng miyembro ng komunidad. Para sa bilang #5, piliin ang titik ng tamang kasagutan. Isulat ang tamang sagot sa inyong sagutang papel.<br><br>1. Guro<br>______ Masipag<br>______ Mabait<br>______ Masigla<br>______ Masungit<br>______ Matapang<br><br>Pagpapaliwanag:<br>________________________<br>________________________<br><br>2. Pulis<br>______ Masigla<br>______ Matapang<br>______ Matiyaga<br>______ Mabait<br>______ Mareklamo<br><br>Pagpapaliwanag:<br>________________________<br>________________________ | taong naninirahan sa komunidad. Isulat ang inyong sagot sa patlang.<br><br>1. Ano ang pagkakatulad ng trabaho ng doktor at nars?<br><br>2. Ano ang pangunahing pagkakaiba ng tungkulin ng pulis at guro sa komunidad?<br><br>3. Magbigay ng isang halimbawa ng pagkakatulad ng trabaho ng magsasaka at mangingisda.<br><br>4. Magbigay ng isang halimbawa ng pagkakatulad ng trabaho ng magsasaka at mangingisda.<br><br>5. Bakit mahalaga na mayroong iba't ibang tao na may iba't ibang tungkulin sa isang komunidad? | titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.<br><br>1. Ano ang pangunahing tungkulin ng guro sa ating komunidad?<br>a) Nag-aalaga ng mga pasyente<br>b) Nagtuturo sa mga kabataan<br>c) Nagpapatrol sa barangay<br>d) Nanghuhuli ng isda<br><br>2. Ano ang pangunahing ginagampanan ng ating mga pulis?<br>a) Nagbibigay ng espiritwal na gabay<br>b) Nagpapanatili ng kapayapaan sa komunidad<br>c) Nagtatanim ng mga gulay<br>d) Nagtuturo ng mga bata<br><br>3. Ano ang pangunahing gawain ng magsasaka?<br>a) Nagpapastol ng mga hayop<br>b) Nagtatanim ng mga gulay at prutas<br>c) Nagpapatrol sa bayan | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **HanayB**<br>a. guro<br>b. pulis<br>c. doktor<br>d. nars<br>e. dentista<br>f. karpintero<br>g. bumbero<br>h. tindero<br>i.mangingisda<br>j.kartero<br>k. drayber<br><br>**Tala sa Guro:**<br>*Maaaring ang mga gagamitin na larawan ay wala sa nabanggit sa talakayan Maaaring idagdag ang mga halimbawa na nakabase sa konteksto ng komunidad na kinabibilangan ng mga mag-aaral.* | 3. Karpintero<br>______ Maalam<br>______ Mabagal kumilos<br>______Mapagmataas<br>______ Matiyaga<br>______ May pokus sa trabaho<br>Pagpapaliwanag:<br>______________________<br>______________________<br>4. Magsasaka<br>______ Mabilis sumuko<br>______ Masipag<br>______ Matiyaga<br>______ Maramdamin<br>______ May disiplina<br>Pagpapaliwanag:<br>______________________<br>______________________<br>5. Bilang isang mag-aaral, paano mo maipakikita ang pasasalamat at pagpapahalaga sa mga taong nagbibigay-serbisyo sa komunidad?<br>a) Hindi ko sila papansinin kapag nakikita ko sila sa komunidad.<br>b) Wala akong gagawin dahil wala akong pakialam.<br>Bibigyang-halaga ko ang lahat ng sakripisyo nila para sa komunidad | 6. Bilang isang mag-aaral paano mo maipakikita ang pasasalamat at pagpapahalaga sa mga taong nagbibigayserbisyo sa komunidad.<br><br>**Tala sa Guro:**<br>*Gumamit ng rubric sa pagwawasto ng sagot ng mga magaaral.* | d) Nag-aalaga ng mga pasyente<br><br>2. Ano ang pangunahing ginagampanan ng ating mga pulis?<br>e) Nagbibigay ng espiritwal na gabay<br>f) Nagpapanatili ng kapayapaan sa komunidad<br>g) Nagtatanim ng mga gulay<br>h) Nagtuturo ng mga bata<br>. 3. Ano ang pangunahing gawain ng magsasaka?<br>e) Nagpapastol ng mga hayop<br>f) Nagtatanim ng mga gulay at prutas<br>g) Nagpapatrol sa bayan<br>h) Nag-aalaga ng mga pasyente<br><br>4.. Ano ang pangunahing tungkulin ng doktor sa ating komunidad?<br><br>a) Nagpapatrol sa bayan<br>b) Nag-aalaga ng kalusugan ng mga tao<br>c) Nagbibigay ng espiritwal na gabay | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | d) Ipakikita ko ang hindi paggalang sa kanila.<br><br>**Tala sa Guro:**<br>*Maaaring magdagdag ng mga katanungan batay sa etnisidad ng tao (maitim o maputi, bilugan ang mata o singkit)* | | d) Nanghuhuli ng isda<br><br>5. Bilang isang mag-aaral, paano mo maipakikita ang pasasalamat at pagpapahalaga sa mga taong nagbibigayserbisyo sa komunidad?<br>a) Hindi ko sila papansinin kapag nakikita ko sila sa komunidad.<br>b) Wala akong gagawin dahil wala akong pakialam.<br>c) Bibigyang-halaga ko ang lahat ng sakripisyo nila para sa komunidad.<br>Ipakikita ko ang hindi paggalang sa kanila. | |
| **Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)** | Magdala ng iba't ibang sumbrero o kagamitan na karaniwang ginagamit ng mga miyembro ng komunidad na nabanggit sa talakayan.<br>Halimbawa:<br>Sumbrero ng pulis<br>Sumbrero ng nars<br>Chalk ng guro | Magdala ng isang balita na naglalaman ng paglalarawan sa isang miyembro ng komunidad na tinalakay. | Hikayatin ang mga magaaral na makiisa sa Community Helper Dress-Up.<br><br>Pagsusuot ng naayon na damit/costume at pagbabahagi kung anong gampanin/serbisyo ang naibibigay ng mga ito sa komunidad.<br><br>**Tala sa Guro:** *Boluntaryo ang partisipasyon ng mga mag-aaral sa gawaing ito.* | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Mga Tala** | | | | | |
| **Repleksiyon** | | | | | |

**Inihanda ni:** **Nirebyu ni:** **Pinagtibay ni:**

**Guro** **Master Teacher / Head Teacher** **School Head**